Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-10 NG DISYEMBRE, 2001 SA SESSION HALL NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

Kgg. Luis A. Ferrer IV .................... Pang. Punong Bayan
Kgg. Felix A. Grepo .................... Kagawad/Majority Floor Leader
Kgg. Amelia P. Madrona .................... Kagawad
Kgg. Armando D. Magsino .................... Kagawad
Kgg. Hernando M. Granados .................... Kagawad/Pansamantalang Tagapangulo
Kgg. Carmelito B. Nocon .................... Kagawad/Asst. Majority Floor Leader
Kgg. Primitivo S. Porto .................... Kagawad
Kgg. Carlos S. Viniegra II .................... Kagawad

MGA DI-DUMALO:

Kgg. Demetrio P. Trinidad (OB) .......... Kagawad
Kgg. Bayani B. Parin (OB) .................... Kagawad/ABC President
Kgg. Vivien L. Lujero (OB) .................... Kagawad/SKF President

**KAPASYAHAN BLG. 64-2001**

Iminungkahi ni Kag. Carmelito B. Nocon na pinangalawahan ng lahat, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang pagsusog sa Kautusang Pambayan Blg. 1-88, na mababasa sa mga sumusunod:

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 03-2001**

PAGSUSOG SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 1-88 NA NAGBABAWAL SA SINOMANG TAO O MGA TAO ANG PAGPUPUTOL NG PUNONGKAHOY.

ARTIKULO 1 - Ipinagbabawal sa sinomang tao o mga tao, huridikal o natural man, ang pagputol ng punongkahoy sa lahat ng lugar, pribado, pampubliko o saan mang kapaligiran nang walang paunang pahintulot mula sa Tanggapan ng Barangay, Tanggapan ng Environment and Natural Resources (MENRO), at Tanggapan ng Punong Bayan.

ARTIKULO 2 - Ang sinomang lumabag sa kautusang ito ay lalapatan ng parusang multa na hindi bababa sa P2,000 subali't hindi hihigit sa P2,500, at pagkakakulong ng hindi lalampas sa anim (6) na buwan, o parehong pagmumulta at pagkakakulong nang naaayon sa itatakda ng korte.

ARTIKULO 3 - Iksemsiyon:

1. Pagpuputol lamang ng mga maliliit na sanga at hindi ng mga malalaki at matatabang sanga na maaaring makabawas sa lilim ng kapiligiran o lugar na kinatatayuan o kinalalagyan.

ARMANDO D. MAGSINO
CARLOS S. VINIEGRA II
AMELIA P. MADRONA
PRIMITIVO S. PORTO
FELIX A. GREPO
CARMELITO B. NOCON

2. Komersyal na pagtotroso (commercial logging) nang may permiso mula sa Dep't. of Environment and Natural Resources (DENR).

ARTIKULO 4 - Ang Tanggapan ng Punong Bayan ay maglalabas ng alituntunin para sa mabisang pagpapatupad ng kautusang ito.

ARTIKULO 5 - Ang Kautusang Bayan na ito ay magkakabisa sa araw na mapagtibay.

PINAGTIBAY.

WENCESLAO P. CAMINGAY
Kalihim

FELIX A. GREPO
Kagawad

AMELIA P. MADRONA
Kagawad

ARMANDO D. MAGSINO
Kagawad

CARMELITO B. NOCON
Kagawad

PRIMITIVO S. PORTO
Kagawad

CARLOS S. VINIEGRA II
Kagawad

PINATOTOHANAN:

HERNANDO M. GRANADOS
Kagawad/Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DENCITO P. CAMPAÑA
Punong Bayan

May 8, 2002
Date